Dumating ang isang lalaki sa propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:at nagsabi: Ako ay pagod.

Ayon kay Abe Hurayrah malugod si Allah sa kanya-dumating ang isang lalaki sa propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan,at nagsabi:Ako ay nahihirapan,ipinadala niya ito sa kanyang mga babae,sinabi nito:Sa nagpadala sa iyo ng katotohanan,walang-wala ako maliban sa tubig,pagkatapos ay ipinadala niya ito sa iba,at nagsabi din tulad nito,hanggang sa sinabi nilang lahat ay tulad nito:wala, sa nagpadala sa iyo ng katotohanan,walang-wala ako maliban sa tubig.Sinabi ng propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan,:Sino ang magpapabesita sa gabi na ito?Ang sabi ng isang lalaki mula sa Ansar:Ako o sugo ni Allah,at pumunta sila sa bahay niya,At sinabi niya sa asawa nito:pakitunguan mo ng mabuti ang bisita ng sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-At sa isang salaysay:nagsabi siya sa babae nito:Mayroon kabang ilang bagay diyan?Nagsabi siya: wala,maliban lang sa kakainin ng mga anak ko,libangin mo sila sa kahit na anu,at kapag gusto nila ng panghapunan,ay patulugin mo sila,at kapag pumasok ang besita natin,patayin mo ang ilaw.at ipakita mo sa kanya na tayo ay kumakain,umupo sila at kumain ang besita,at natulog sila na nagugutom.At ng dumating ang kina-umagahan sa propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan Nagsabi siya:,"katotohanang namangha si Allah sa ginawa ninyong dalawa sa bisita ninyong dalawa kagabi"

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Dumating ang isang lalaki sa propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan,at nagsabi:ako ay nakakaramdam ng paghihirap sa pangangailangan at gutom,ipinadala niya ito sa ilan sa mga asawa niya,at nagsabi:Sumpa sa Allah na walang-wala ako maliban sa tubig,at ipinadala niya sa iba: at nagsabi ng tulad din nito,at ginawa doon sa lahat ng asawa niya,at silay nagsabi tulad ng sinabi nito,Sinabi ng propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan,:Sino ang magpapabesita sa lalaki na ito ngayong gabi?Nagsabi ang isang lalaki mula sa Ansar:Ako ang magpapabesita sa kanya o sugo ni Allah,pagkatapos ay pumunta sila sa bahay niya,at sinabi sa asawa nito:Mayroon kaba diyan na pwedi natin ihain sa besita?,Nagsabi siya:wala maliban sa pagkain ng mga bata,libangin mo sila sa kahit na ano,at kapag gusto nila ng hapunan,ay patulugin mo sila,at inutasan niya siya na patayin ang ilaw,at inakala ng besita na silang dalawa ay kumakain,at nabusog ang besita,at natulog sila na hindi nakakain bilang tanda ng mabuting pakikitungo sa besita ng sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan,Ibinalita sa kanya ng Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan,na si Allah ay namangha sa ginawa nilang dalawa noong gabi.At ang pagkamangha ay sa panlabas nito dahil siya ay gumawa ng kakaiba na namangha siya rito,at ito ay pagkamangha sa kagandahan at hindi sa pagtanggi,Nagandahan Siya-kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan,sa ginawa nilang dalawa noong gabi

